Kay Devina

ni

Donward Caniete Bughaw

Laparay, Talusan, Zamboanga Sibugay

2026

KAY DEVINA

Isang Tulang Salaysay ng Pag-ibig at Pagpapalaya

Karapatang Ari © 2026 ni Donward Caniete Bughaw

Ang aklat na ito ay inilathala sa ilalim ng Creative Commons Attribution 4.0 International License.

Maaari mong ibahagi, kopyahin, ilimbag, at gamitin ang aklat na ito sa anumang paraan, basta't mabigyan ng wastong pagkilala ang may-akda.

Hindi ito maaaring angkinin bilang sariling akda.

Para sa buong salin ng lisensya sa Tagalog:
https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/deed.tl

Unang Edisyon sa Open Access, 2026

https://doi.org/10.5281/zenodo.21168362

Para sa mga katanungan:

bughawcity@gmail.com

Pahina sa Facebook: Donward Bughaw

TUNGKOL SA LIBRO

Ang Kay Devina ay isang 103-saknong na tulang salaysay ni Donward Caniete Bughaw na mas kilala sa kanyang sagisag-panulat na Donward Bughaw o Donward Cañete Gomez Bughaw. Isinulat ito noong 2016 at unang ipinaskil sa Facebook. Nasa HelloPoetry, Wattpad, at Poemhunter din ang tulang ito.

Sinusundan ng akda ang buong paglalakbay ng isang pag-ibig: mula sa unang pagkikita, pagliligawan, at mga araw ng pag-asa, hanggang sa panibugho, hiwalayan, at huling pagtanggap.

Sa gitna ng akda si Devina Mindaña, isang babaeng inilarawan bilang d'yosa at engkantada na sabay na hinahabol ang sariling pangarap na makapagtapos at makaahon. Pinagsama ng makata ang tugma at tayutay ng tradisyonal na tulang Pilipino sa tapat na boses ng makabagong karanasan.

Higit pa sa romantikong kuwento, tinatalakay ng Kay Devina ang takot, dangal, selos, at ang mahirap na pagpiling magpalaya. Isang tala ito ng damdamin para sa mga mambabasang nakaibig, nasaktan, at natutong bumitaw.

Kay Devina

Ni Donward Caniete Bughaw

I

Kung isa-isahin ang nangakaraan

Simula no'ng ika'y aking niligawan

Hanggang sa dumating ating hiwalayan,

Maikuk'wento ko ng walang alangan.

II

Unang kita palang, napaibig ako

Sa isang babae at Nimfang tulad mo;

Puso ko'y nahulog ng di napagtanto,

Kay Devina

Siguro'y pakana ito ni Kupido.

III

Iyong itinanong, 'Ikaw ba si Donward? '

Ako'y napatigil nang dahil sa gulat

Ako ay lumingo't ikaw ay hinarap,

Aking itinugon isang tango't kindat.

IV

Nang ako'y lumabas na sa isang silid

Hindi ko mawari't ikaw ay nawaglit;

Ako ay nalumbay sa nasahing pilit

Ano't ang tadhana ay nagmamalupit.

V

Gusto ko pa namang ika'y makilala

Paanong nangyari't agad kang nawala,

Hindi tuloy kita natanong o sinta

Sa iyong pangalan na pang-engkantada.

VI

Aking inusisa ang aking sarili:

'May pag-asa pa bang makita kang muli?

May tadhana kayang magtatagpo uli

Sa ating dalawa kahit na sandali? '

VII

Hanggang isang araw, nang aking makita

Iyong kaibigang naglakad mag-isa

Agad kong tinanong kung ika'y nagsimba

Marahan n'yang sagot nasa tuluyan ka.

VIII

Pagkatapos niyon tinanong ko na s'ya

Sa iyong pangalan na may pagkad'yosa

Agaran niyang sagot, 'Devina Mindaña,

Ang buong pangalan ng aking kasama.

IX

Nagpatuloy kami sa pagkuk'wentuhan

Habang naglalakad sa tabi ng daan

Hanggang sa dumating ang aming usapan

Sa punto na ako ay kanyang mabuk'han.

X

Diretsahang tanong ay 'may gusto ka ba,

Sa kaibigan kong nanuot sa ganda? '

Sagot ko'y mistula isang tugong parsa,

Naging dahilan ko'y, 'Naku, wala! Wala! '

XI

Imbis na makuha, siya ay natawa

At nang tanungin ko'y naging sagot niya:

'Subukan mo nalang ang ligawan siya

At baka maantig, batong puso niya.

XII

Ni minsan ay hindi siya nagkaroon

ng isang siyota, pagkat umaambon

ang pangarap niyang gustong maisulong

ang makapagtapos at ang makaahon.'

XIII

Pagkasabi niyon, ako ay nangusap:

Kay Devina

'Diyata't parehas kami ng pangarap,

Kapwa puso namin ay nangangagliyab

Sa iisang nais na para sa bukas.'

XIV

Nagpatuloy kami sa aming usapan

Hanggang sa tuluyang siya'y namaalam.

'Ako'y ikumusta sa 'yong kaibigan, '

Wika ko nang siya'y tumawid sa daan.

XV

Nagpatuloy ako sa aking paglakad

Hanggang sa marating ang nagliliwanag

nating pamantasang nagtatahang huwad

ng dunong at puring nanahanang likas.

XVI

Nagdaan ang gabi't umaga na naman

Pagsulat ng tula'y aking sinimulan,

Yaong tulang handog sayo kamahalan

Nitong si Balagtas, Donward ang pangalan.

XVII

Ang iyong pangalan ang naiititik

Niyong aking plumang espadang matulis;

Ang tinta ay dugong may hinalong pawis

Nitong aking huli't wagas na pag-ibig.

XVIII

Ngunit sa kabila, niyong aking katha

Aking nalimutan ang lahat ng bigla

Maging pangalan mo, sintang minumutya

Kung kaya't nagtanong uli ang makata.

XIX

'Siya ang babaeng aking naibigan, '

Pagkukuwento ko kay Jesang huwaran

Nang ika'y nakitang naglakad sa daan

Kasama ang dal'wa mo pang kaibigan.

XX

At nang naguluha'y aking itinuro,

Pagkatapos niyo'y siyang aking sugo;

Si Jesang huwaran ay parang kabayo,

Ika'y sinalubong ng lakarang-takbo.

XXI

Agad kang tinanong sa iyong pangalan

Katulad ng aking naging kautusan.

Nang ika'y tawagin -- o kay saklap naman

Di mo man lang ako nagawang balingan.

XXII

Nang aking tanungin si Jesang huwaran,

Nang siya'y nagbalik sa pinanggalingan,

Kung ano ang iyong tunay na pangalan:

'Devina Mindaña, ' kanyang kasagutan.

XXIII

Hindi lumalao't hindi nakayanan

Ng puso kong ito, ang manahimik lang;

Kaya't nagsimulang ikaw ay sabayan,

Kahit hindi pa man kilalang lubusan.

XXIV

Ewan ko kung bakit ako'y tinarayan,

Gusto kong magtanong, pero di na lamang;

Sa sungit mo kasi'y baka lang talikdan

At bago aalis ay iyong duraan.

XXV

Subalit, lumipas ilang linggo't buwan

Tayo'y nagkasundo't nagkausap minsan;

Insidenteng iyo'y di ko malimutan,

Malamyos mong tinig, aking napakinggan.

XXVI

Kay Devina

Nang ako'y tanungin sa aking pangalan,

Sa telepono ko'y sagot ay Superman;

At nang mukhang galit, agad sinabihang,

'Huwag kang magalit, ika'y biniro lang.'

XXVII

Agad kong sinabi ang aking pangalan

Baka tuloy ako'y iyong mabulyawan:

'Si Donward po ito, ' sabi kong marahan,

Pagpapakilala sa 'king katauhan.

XXVIII

Patuloy ang takbo ng ating kuwento,

Ang lahat ng iyo'y aking naging sulo,

Sa papasukin kong isang labirinto;

Sa isang kastilyong nasa iyong puso.

XXIX

Hanggang isang gabi, mayroong sayawan,

Napuno ng tao ang gitnang bulwagan;

Ang aking sarili'y hindi napigilan

Na ika'y hanapi't maisayaw man lang.

XXX

Ngunit ng matunto'y hindi nakaasta,

Ang aking nasahin ay naglahong bigla;

Imbis na lapita't dalhin ka sa gitna,

Ay hindi na lama't ako'y nababakla.

XXXI

Aking aaminin ang kadahilanan,

Takot na talaga ang pusong iniwan

Na baka lang uli't ito ay masaktan

Tulad ng sa aking naging kasaysayan.

XXXII

Kaya't hindi ako nagpadalos-dalos

At baka pa tuloy yaon ay mapaltos;

Ang mabulilyaso'y mahirap na unos

Nitong aking pusong may panimding lubos.

XXXIII

Akin pang naitanong sa isang pinsan mo

K'wento ng pag-ibig na tungkol sa iyo

At kung maaaring ikaw ay masuyo,

Naging tugon niya'y: 'Ewan ko! Ewan ko! '

XXXIV

'Huwag ikagalit kung ika'y tanungin, '

Sabi ng pinsan mong maalam tumingin

Di sa kanyang mata na nakakatingin,

(Kung hindi'y sa kanyang talas na loobin) .

XXXV

Aking naging tugon doon sa kausap,

Yaong binibining aking nakaharap:

'Hindi magagalit itong nakatapat

Hangga't ang puso ko'y hindi nagkasugat.

XXXVI

Pagkatapos niyo'y kanya ng sinabi

Ang ibig itanong na nangagsumagi

Sa kanyang isipang lubhang mapanuri,

Ang kanyang hinala ay ibinahagi.

XXXVII

'Ikaw ba'y may gusto sa kanya na lihim?

Huwag mong itago't ng hindi lusawin

Ang laman ng puso at iyong pagtingin

Ng iyong ugaling, pagkasinungaling! '

XXXVIII

Pagkatapos niyo'y agad kong sinagot

Tanong niyang sadyang nakakapanubok

At ipinagtapat yaong aking loob

Ng walang alanga't maski pagkatakot.

XXXIX

'Ako nga'y may gusto sa kanya na lihim,

Subalit paanong siya'y maging akin

Gayung tingin pala'y akin ng sapitin,

Ang lumbay, ang hapdi't kabiguan man din? '

XL

'Di ko masasagot ang 'yong katanungan, '

Naging tugon niyong butihin mong pinsan,

'Tanging payo ko lang ay pahalagahan,

Huwag pabayaa't siya ay igalang.'

XLI

Aking isinunod nang kami'y matapos

Ay ang iyong ateng wari d'yosang Venus;

Agad kong sinabi habang napalunok

Yaong aking pakay at nang s'ya'y masubok.

XLII

Imbis na tugunin yaong aking pakay,

Ako'y di pinansin kung kaya't nangalay

Dalawa kong mata sa kanilaynilay

Ako'y nanghihina't puso'y nanlupaypay.

XLIII

Aking iniisip sa tuwi-tuwina

Kay Devina

Ay ang pangalan mo, mahal kong Devina;

At ang hinihiling sa bantay kong tala,

Hihinting pag-asang makapiling kita.

XLIV

Kaya't hindi ako nakapagpipigil,

Iyong aking loob na nanghihilahil

Aking inihayag sayo aking giliw

Ng walang palaman at maski kasaliw.

XLV

Tandang tanda ko pa no'ng makasabay ka

Papuntang simbaha'y sinusuyo kita

Hanggang sa pagpasok ako'y sumasama

Kahit hindi alam ang gagawin sinta.

XLVI

Bago nagsimula ang misa mahal ko,

Ang aking larawa'y iniabot sayo;

May sulat sa likod, sana'y nabasa mo,

Yaong pangungusap ay mula sa puso.

XLVII

Di kita nakitang ako ay nilingon,

Sapagkat atens'yo'y naroong natuon

Sa isang lalaking pumasok na roon,

At sayo'y tumabi hanggang sa humapon.

XLVIII

At nang nagsimula'y umalis na ako,

Pagkat ako itong walang sinasanto;

Baka tuloy ako magsasang-demonyo

Sa aking nakitang katuwaan ninyo.

XLIX

Hindi ko malaman kung bakit sumakit,

Nanibugho ako, ano't iyo'y salik? ;

Ano nga ba ito't tila naninikip?

Lintik na pag-ibig, puso ko'y napunit!

L

Napaisip ako habang naglalakad

Hanggang sa isip ko'y nagkakaliwanag;

'Manibugho sayo'y hindi nararapat, '

Napatungo ako sa sariling habag.

LI

Ilang saglit pa at akin ng pinahid

Luhang sumalimbay sa pisnging makinis

At saka nangusap ng pagkamasakit:

'Wag kang mag-alala't di ko ipipilit.'

Kay Devina

LII

'Itong pag-ibig kong nagniningas apoy,

Nasisiguro kong hindi magluluoy;

Ngunit, kung hindi mo bayaang tumuloy,

Mas mabuti pa ang puso ko'y itaboy! '

LIII

Nang ako'y magbalik doon sa simbahan,

Sa dami ng tao'y di kita nasilayan;

Ngunit, nang tanawin sa kinauup'an,

Naroong Devina't kinaiinisan.

LIV

Nanatili ako't hindi na umalis,

Di tulad kaninang lumabas sa inis;

Ako'y umupo na at nakikisiksik,

Kahit patapos na ang misang di ibig.

LV

Hindi ko nga ibig, pagmimisang iyon

At maging pagsamba't gano'ng pagtitipon;

Pagtayo't pagluhod di ko tinutugon,

Pagkat ako itong walang panginoon.

LVI

Araw ay lumipas mula ng masuyo,

Ika'y sinubuka't nang hindi malugo

Itong aking pusong namalaging bigo

Sa loob ng dibdib, namugang tibo.

LVII

Iyong naging tugon ay nakakapaso,

Masakit isipi't maging ipupuso;

Yaong tumatama'y animoy palaso,

Narok sa dibdib, sugat aking tamo!

LVIII

Sa kabila niyo'y di pa rin sumuko,

Tanging ikaw pa rin ang pinipintuho;

Kaya't wag isiping ito'y isang laro,

Pag-ibig kong ito'y hindi isang biro.

LIX

Hanggang sa dumating gabing aking asam,

Sa lilim ng mangga, bago ang sayawan

Ay iyong inamin ang nararamdaman,

Ating tagpong iyo'y di malilimutan.

LX

Ipinagtapat mo na ika'y may gusto,

Ngunit di matugon itong aking puso,

Kay Devina

Sapagkat ikaw ay mayroon ng nobyo

Di mo kayang iwa't ayaw mong manloko.

LXI

Aking naging tugon sa iyong sinabi,

Ay handang maghintay at mamamalagi

Hanggang sa panahong ikaw ay mahuli,

Makita't malamang di na nakatali.

LXII

Sa mukha'y nakita, matamis na ngiti

Niyong Mona Lisang, pinta ni Da Vinci;

Ako'y natigilan ilan pang sandali,

Nang aking matanaw, gandang natatangi.

LXIII

Bago pa nag-umpisa'y pumasok na tayo,

Sa hinaraya kong dakilang palasyo,

At sa lilingkuran tayo ay naupo,

Niyong maliwanag, loob ng himnasyo.

LXIV

At nang magsimulang musika'y tumugtog,

Ika'y namaalam at para dumulog

doon sa bulwaga't makikitatsulok,

ng sayaw sa indak dulot ng indayog.

LXV

Bago pa marating ang gitnang bulwagan,

Ako'y sumunod na't di ka nilubayan

Hangga't di pumayag sa 'king kagustuhan

Na maisayaw ka at makasaliwan.

LXVI

Lumipas ang gabi't umaga'y sumapit,

Ang araw at linggo'y tila naging saglit;

Ako'y nagtataka't biglang napaisip,

Ano at ang oras ay mukhang bumilis.

LXVII

Hanggang isang gabi nang aking tanungin,

Sa iyo, o, mahal kung bibigyang pansin;

Hanggang kailan mo pagdudurusahin;

May pag-asa pa bang nadama'y diringgin?

LXVIII

Iyong naging sagot sa katanungan ko:

'Di na magdurusa't ngayo'y maging tayo.'

Ang rurok ng saya ay aking natamo,

Lalo pa't sinabing mahal mo rin ako.

LXIX

Sa kadahilanang gustong masiguro,

Aking naitanong kung iyo'y totoo;

Baka mo lang kasi ako'y binibiro,

At kung maniwala'y sugatan ang puso.

LXX

Iyong ibinalik, ating gunitain,

Doon sa manggahan 'sang gabing madilim;

Ipinagtapat mo ang iyong damdamin,

Ngunit, di nagawang puso ko'y tugunin.

LXXI

Pagkat mayroon kang sintang iniibig,

Iisang lalaking namugad sa dibdib;

Di mo maloloko't iyong inihasik

Sa paso ng puso't bukirin ng isip.

LXXII

Pagkatapos niyo'y sinabi sa akin,

Na ating pag-ibig, manatiling lihim;

Aking naging tugo'y 'sang tangong lampahin

Pagkat aking isip, gulong-gulo man din.

LXXIII

'Sigurado ka ba sa'yong naging pasya? '

Ang muli kong tanong, bago naniwala

Sayo aking mahal na isang diwata,

Yaong aking ibig at pinapantasya.

LXXIV

Iyong naging tugon sa aking sinabi:

'Kung ayaw mo'y huwag, di ko masisisi;

Ano pa't puso mo'y sadyang madiskarte,

Baka may iba ng pinipintakasi.'

LXXV

Agad kong sinabi sa iyo mahal ko:

Kay Devina

'Ano at kay daling ikaw ay magtampo,

Nagtanong lang nama't ako'y naniguro

Baka mo lang kasi, ako'y nilalaro.

LXXVI

Lumipas ang gabi't umaga'y sumapit,

Unang araw natin ay lubhang mapait,

Pagkat di nakayang ako ay lumapit,

Sayo aking sinta't ewan ko kung bakit.

LXXVII

Ilang sandali pa't hindi nakatiis,

Sa pagkakaupo'y tumayo't lumihis

ng landas patungo kay Musa kong ibig,

pagkat aking puso'y lubhang naligalig.

LXXVIII

Muli kang tinanong kung pasya'y totoo,

Di na mababawi't di na mababago;

Iyong naging tugon sa katanungan ko,

Pisngi ko'y hinaplos, sabay sabing 'oo.'

LXXIX

Kay sarap marinig, salita mong iyon,

Iisa ang punto at maging ang layon;

Para bang lagaslas ng tubig sa balon,

Ibig kong pakinggan sa buong maghapon.

LXXX

Matapos ang pasko'y siyang araw natin,

Na kung gunitai'y araw na inamin,

tinugon ang puso at binigyang pansin,

at saka sinabing, ako'y mahal mo rin.

LXXXI

Aking gabing iyo'y narurok ang saya,

Ngiti niyong buwa'y nakakahalina;

Ibig kong isulat ay isang pantasya,

At ikaw Devina, yaong engkantada.

LXXXII

Araw'y nangaglipas, daho'y nangalaglag,

Ano at ang oras tila naging iglap;

Siyang araw natin ay muling lumapag,

Ano at ang panaho'y tila naging lundag.

LXXXIII

Iyong regalo mo'y hindi malimutan,

At maging pagbating ibig kong pakinggan,

Sa bawat umagang araw'y sumisilang

At kung maaari'y mapawalang-hanggan.

LXXXIV

Ngunit nang magdaan ilang araw't linggo,

Naging malungkuti't di na palakibo;

Puso ko'y mistula isang boteng tibo,

Nabiyak sa dusa nang itatuwa mo.

LXXXV

Sa tuwi-tuwina'y napaisip ako,

Talaga nga kayang tapat ang puso mo? ;

Ulo ko'y sasabog, bulkang Pinatubo,

Bakit ba't isip ko'y nagkakaganito?

LXXXVI

Ilang araw kitang hindi tinawagan,

Pagkat labis akong nagdusa't nagdamdam;

Malakas kong loob ay di nilubayan

Ng kapighatia't maging kalungkutan.

LXXXVII

Tayo nga'y mayroong isang kasunduan,

Di maikaila't sinasang-ayunan

Ngunit, ang itat'wa'y di makatarungan,

Alalahanin mong ako'y nasasaktan.

LXXXIII

Kay Devina

Ako'y wag itulad sa makinang robot

Na di nakaramdam maski anong kirot;

Ako ay may pusong nakakatilaok,

Pumipintig baga'y putak ng 'sang manok.

LXXXIX

Kaya't nang sadyain sa tinutuluyan,

Ika'y kinausap at pinagsabihang:

'Sakaling darating ating hiwalayan,

Huwag magpaloko sa kalalakihan.

XC

At saka-sakaling sayo'y may manligaw,

Isipin mo muna't wag agad pumataw;

Pasya'y siguruhin bago mo ibitaw,

Ang iyong salita, nang di ka maligaw.'

XCI

Unang halik nati'y hindi malimutan,

At kahit na yao'y isang nakaw lamang,

Pangyayaring iyo'y di makaligtaan,

Naging saksi natin ay ang Taguisian.

XCII

Tila ba talulot ng isang bulaklak

Labi mong sa akin na nangangagtapat;

Kay Devina

Animo'y pabango yaong halimuyak,

Ng iyong hiningang sa halik nangganyak.

XCIII

Ika-labinlima, araw ng Pebrero,

Hindi malimutan ating naging tagpo;

Sa iyong tuluya'y nagkasama tayo,

Doon sa Kwek Kwekan, nagdiwang ang puso.

XCIV

Ako'y isang taong lubhang maramdamin,

Ang hapdi at kirot siyang tinitiim;

Puso ko'y tila ba 'sang pagong patpatin,

Sa loob ng dibdib sakit ang kapiling.

XCV

Kaya't nang makitang may kasamang iba,

Marahang lumason sa puso ko sinta

Ay ang panibugho't sakit na nadama;

At para maglaho, alak ay tinungga.

XCVI

Sa ika-tatlumpu, na araw ng Marso,

Akin pang naalala pagbisita sayo,

Sa inyong tahana't mapayapang baryo,

Nagmano pa ako sa ama't ina mo.

XCVII

Ibig kong ang lahat ay di na magtapos,

Masasayang araw nating lumalagos

Sa isip, sa puso't maging sa malamyos,

Na kantahi't tulang aking inihandog.

XCVIII

Ngunit, nang lumipas ang ika-limang araw

mula nang makita't sa inyo'y madalaw

ay isang mensahe ang lubhang gumunaw

sa aking damdami't marahang tumunaw.

Kay Devina

XCIX

Animo'y balaraw yaong tumatama,

Nang ang mensahe mo ay aking nabasa;

Gusto kong umiyak, gusto kong magwala,

Ngunit, anong saysay gayung wala na nga?

C

Kung isaulan ko itong aking luha,

Masasayang lama't walang mapapala;

Kaya't kahit ibig, ako ay tumawa,

Wag lamang masadlak yaong pagdurusa.

CI

Kung ang kalayaa'y siyang ibig sinta,

At ang saktan ako'y ikaliligaya

Aba'y payag ako't ikaw na bahala,

Basta lang ang akin ika'y liligaya.

CII

Kay sakit isiping tayo ay hindi na,

Ngunit, kung ito man ang itinadhana,

Aba'y pag-ibig ko't pag-ibig mo sinta,

Di makakahadlang sa ibig sumila.

CIII

Kay Devina

Mahal ko paalam sa ating pag-ibig,

Mahal ko paalam, kahit na masakit;

Mga alaala'y huwag ng ibalik,

Burahin ng lahat sa puso at isip.

WAKAS

TUNGKOL SA MAY-AKDA

Si Donward Caniete Bughaw o mas kilala sa kanyang sagisag-panulat na Donward Bughaw at Donward Cañete Gomez Bughaw ay isang makata at manunulat. Ipinanganak noong June 4, 1999 sa Santa Catalina, Zamboanga City, lumaki siya sa Laparay, Talusan, Zamboanga Sibugay.